# Muli

**Over October**

Iyong mga alaala, nangingibabaw
Sa isip ko hanggang paglalim ng gabi
At tuwing sinusubukang kalimutan
Lalong tumatatak sa puso't damdamin

Ngayong wala ka na 'di na masabi
Patawad sa mga pagkakamali

Kung maibabalik mga tingin, mga sinayang na sandali
Kung mapagbibigyan aking hiling, pangakong 'di na aalis
Naghihintay at nagsisisi, 'di na ba mababalik?
'Di na ba mababalik?

Muling nanghihinayang sa'king pagkukulang
'Di ko pinapansin, akala'y walang mali
Sa'ting pagsasama, tila biglang nagsawa
'Di ba nagtataka bakit parehong nanlalamig?

Ngayong wala ka na 'di na masabi
Patawad sa mga pagkakamali

Kung maibabalik mga tingin, mga sinayang na sandali
Kung mapagbibigyan aking hiling, pangakong 'di na aalis
Naghihintay at nagsisisi, 'di na ba mababalik?
'Di na ba mababalik muli

('Di na ba mababalik? 'Di na ba mababalik?)

Mahal, ikaw pa rin sigaw ng puso ko palagi
Oh mahal, ikaw pa rin laman ng aking panalangin

Kung maibabalik mga tingin, mga sinayang na sandali (mga sinaya
ng na sandali)
Kung mapagbibigyan aking hiling, pangakong 'di na aalis (pangak
ong 'di na aalis)
Naghihintay at nagsisisi, 'di na ba mababalik?
'Di na ba mababalik? ('di na ba mababalik?)

Ikaw pa rin ang iniibig, 'di na ba mababalik?
'Di na ba mababalik?

Tištěno z pisnicky-akordy.cz
Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!